

I. LAYUNIN.

Sa pagtatapos ng aralin, ang mga magaaral ay kailangan na:

- Nalalaman ang mahalagang pangyayari sa alamat ng pinagmulan ng salita ng tao.
- Natutuklasan ang paggamit ng lantay bilang pang-uri sa pangungusap.
- Napapahalagahan ang aral na nakapaloob sa binasang alamat.
- Naisasagawa ang mga aktibidad na konektado sa binasang alamat.

II. PAKSANG ARALIN

Paksa: Ang Pinagmulan ng Salita ng Tao (Literatura)

Kaantasan ng pang-uri, Lantay (Gramatika)

Sanggunian: Hiyas ng Lahi 7 Panitikan, Gramatika at Retorika (dd. 160-163)

Magdalena O. Jocson

Mga Kagamitan: Cartolina, Colored Paper, Tape, Projector, Laptop

Pagpapahalaga: Malalaman ang kahalagahan ng wika at tamang paglalarawan sa mga bagay.

III. PAMAMARAAN.

Gawaing Guro

Gawaing Mag-aaral

A. Panimulang Gawain.

1. Panalangin/Dasal

Magsitayo ang lahat.

Mga bata, simulan natin ang ating umaga ng isang panalangin.

Panginoong makapangyarihan sa lahat maraming salamat sa araw na ito dahil kami'y iyong iningatan at hindi hinayaang mapahamak, salamat dahil nakarating kami ng matiwasay sa aming paaralan. Salamat Panginoon sa pagbibigay ng biyaya sa araw-araw patawarin niyo sana kami sa aming mga nagawang kasalanan. Maghari nawa sa puso namin ang iyong kadakilaan at kaluwalhatian.

Idinadalangin namin ang panalanging ito sa pangalan ng iyong anak na si Hesus. Amen.

2. Pagbati

Magandang gabi CSTians!

Ako ay CSTCians magandang gabi!

Ngayon tuturuan ko kayo ng isang pagbati. Tatawagin natin itong “Magandang Buhay”

Ganito ang gagawin niyo kapag sinabi kong “magandang umaga” isasagot niyo ay “mabuhay” at kapag sinabi ko namang “mabuhay” isasagot niyo ay “magandang buhay” Malinaw ba mga bata?

Magandang umaga!

Mabuhay!

Maaari na kayong magsi-upo.

Opo! Ginoo.

Mabuhay!

Magandang Buhay!

3. Pagtatala ng liban

Ngayon naman alamin natin kung sino ang liban ngayong araw. Sekretarya maari mo bang suriin kung sino ang liban ngayon?

(Sinuri ng sekretarya kung sino ang liban)

4. Pampasiglang Gawain.

Kahapon ang pangalawang grupo ang nanalo sa ating aktibiti na “*Sinong Nanay mo*” kayat sila ang mapalad upang subukan ang ating pampilipit dilang pangungusap na nasa pisara, kaya pangalawang grupo pumili kayo ng inyong representante para gawin ang hamon ng pampilipit dila at pumunta sa unahan ang napili niyong representante.

Malinaw ba mga bata?

Maaari mo nang simulan ang iyong hamon.

Magaling! Maari ka nang umupo.

Opo! Ginoo.

*Palakang Kabkab,
kumakalabukab, kaka-kalabukab
pa lamang, kumakalabukab na naman.*

5. Balik Aral

Kahapon tinalakay natin ang Kaligirang Pangkasaysayan ng Alamat. Ayon sa kasaysayan, ano ang alamat?

	Ginoo, ayon sa kasaysayan ang alamat ay isa sa pinakamatandang panitikan.
Mahusay! Tama ang iyong kasagutan.	
Ano naman ang ibig sabihin ng Alamat?	Ginoo, ito’y akdang pampanitikan na likhang-kwento tungkol sa pinagmulan ng tao, bagay, at pangyayari.
Magaling! Tama ang iyong kasagutan. Kung sa ingles ang alamat ay “ <i>legend</i> ” ano naman ito sa Latin?	
	Ginoo, ang ibig sabihin po ng alamat sa Latin ay “ <i>legenda</i> ” na ang ibig sabihin sa ingles ay “ <i>things to read</i> ”
Tumpak! Tama ang iyong kasagutan,	
Ako’y inyong pinabilib dahil lubos niyo paring natatandaan ang paksa natin kahapon.	

B. Pag-unlad na Gawain.

1. Pangganyak.

Mga bata mayroon akong iparirinig sa inyo, pagkatapos ay inyong sasabihin kung anong uri ng tunog ang inyong narinig. At tutukuyin niyo sa mga larawan kung saan nagmula ang tunog. Malinaw ba mga bata?

(*Ipinakita ng guro ang mga larawan*)
(*Nagpatunog ang guro ng tunog ng mga hayop sa gubat*)

Ano ang inyong naririnig?

Magaling!
Maari mo bang piliin sa larawan ang pinanggalingan ng tunog at idikit sa pisara?

Opo! Ginoo.

Ginoo, mga tunog po ng mga hayop sa gubat!



Mahusay!
Ako ay may tanong sa iyo,
maiintindihan mo ba kung ano
ang ipinahihiwatig ng mga
hayop sa gubat?

Hindi po Ginoo!
Sapagkat tanging sila lamang ang
nagkakaintindihan.

Magaling!
Maari ka nang umupo.

*(Nagpatunog muli ang guro ng
tunog ng ihip ng hangin)*

Ano ang inyong naririnig?

Ginoo, tunog po ng ihip ng
hangin.

Tumpak! Tama ang inyong
kasagutan.
Maari mo bang piliin sa larawan
ang pinanggalingan ng tunog at
idikit sa pisara?



Mahusay!
Ngayon ako ay may tanong
sayo, maiintindihan mo ba ang
ibig ipahiwatig ng hangin?

Hindi po Ginoo!
Sapagkat itoy ating nadarama
lamang.

Magaling!
Maari ka nang maupo.

*(Nagpatunog muli ang guro ng
isang tunog ng magulong
trapiko sa kalsada)*

Ano ang inyong kasagutan?

Tunog po ng magulong trapiko sa

kalsada!

Mahusay!
Maari mo bang piliin sa larawan
ang pinanggalingan ng tunog at
idikit sa pisara?



Magaling!
Ang tanong ko naman kung
sakali na ganyan ang paraan ng
pakikipagusap ng mga tao sa
isa't isa magkakaintindihan
kaya sila?

Hindi po! Ginoo.
Sapagkat lalo lamang hindi sila
magkakaintindihan.

Mahusay!
Maari ka nang umupo.

*(Nagpatunog muli ang guro,
ngunit sa pagkakataong ito ay
pinagsabay-sabay niya ang
tunog ng mga hayop sa gubat,
tunog ng ihip ng hangin at
tunog ng magulong trapiko sa
kalsada.)*

Ano ang inyong naririnig?

Ginoo, hindi po namin
maintindihan ang aming naririnig.

Sapagkat aking pinagsama-sama
ang tunog ng mga sasakyan sa
kalsada, tunog ng mga hayop sa
gubat at tunog ng ihip ng
hangin.

At ngayon, ako'y may
katanungan, sa inyong palagay,
ano ang magiging epekto ng
sabay sabay na pagsasalita ng
iba't ibang uri ng nilalang sa
mundo?

Ginoo, magdudulot lamang po ito
ng kalituhan kung ano nga ba ang
nais nilang ipahiwatig, at maaaring
magdulot din po ito ng kaguluhan
sa lahat.

Napaka husay! Salamat sa iyong
kasagutan.

Handa na ba kayo sa ating

sunod na aktibidad?

Ginoo, handa na kami!

2. Aktibiti.

Mayroon ako ditong mga palaisipang larawan at inyo itong bubuuin, hahatiin ko kayo sa tatlong grupo, bawat grupo ay may sampung miyembro. Kailangan niyong mabuo ang palaisipan sa loob ng dalawang minuto, at kung sino ang mauuna ay siyang magkakroon ng dagdag puntos para sa pagtataya natin mamaya. Malinaw ba mga bata?

(Ibinigay na ng guro ang mga palaisipan sa bawat grupo)

Opo! Ginoo.

Ang bawat grupo ay kailangang pumili ng kanilang representante upang magbigay ng hinuha sa kanilang ginawa dito sa unahan. Malinaw mga bata?

Opo! Ginoo.

Eto ang pamantayan sa inyong grado.

Kooperasyon	30%
Disiplina	20%
Bilis sa paggawa	20%
Kasagutan	30%
Kabuuan	100%

Handa na ba kayo?

Ginoo, handa na kami!

Kung gayon maari niyo ng simulan.


(Makalipas ang dalawang minuto)

(Unang natapos ang unang grupo)

(Pangalawang natapos ang pangalawang grupo)

(Huling natapos ang pangatlong grupo)

Unang grupo maaari niyo na bang ipaskil sa pisara ang inyong ginawa?




Ito po ang aming binuong
palaisipang larawan.
Ito po ay alamat ng pagong!

Mahusay!
Bigyan natin sila ng “PAGONG
CLAP”

1,2,3....1,2,3... boom! Pagong!

Maari ka nang umupo.

Pangalawang grupo maaari niyo
ng ipaskil ang inyong ginawa.




Ito po ang aming binuong
palaisipan, at ito po ay alamat ng
agila.

Magaling!
Bigyan natin sila ng “AGILA
CLAP”

1,2,3....1,2,3... boom! Agila!

Maaari ka nang umupo.
Pangatlong grupo maaari niyo
nang ipaskil ang inyong ginawa.



Ito po ang aming binuong
palaisipang larawan, at ito po ay

Tumpak!
Bigyan natin sila ng
“LANGAW CLAP”

Maaari ka nang maupo.

Ngayon ay sasabihin ko kung
sino ang nanalo, sila ay
nakakuha ng grado na 95%
walang iba kundi ang unang
grupo, palakpakan natin sila ng
“ONYOK CLAP”.

*(Ang guro ay nagdigkit ng mga
kards sa pisara)*

Gusto niyo bang malaman kung
para saan ang mga ito?

Pero bago ang lahat kailangan
ko ng limang boluntaryo.
Sinong gusto magboluntaryo?

Ang kailangan niyo lang gawin
ay bumunot ng isa sa mga kards
na nasa loob ng kahon na aking
hawak na may kaugnayan sa
kwentong ating babasahin
mamaya. Malinaw ba?

alamat ng langaw.

1,2,3...1,2,3.. boom! Langaw!

1,2,3...1,2,3... ayos!

Opo! Ginoo.

Opo! Ginoo.

*(Ang unang nagboluntaryo ay
pumunta sa unahan at binasa ang
nabunot)*

SINDAK

*(Ang pangalawang nagboluntaryo
ay pumunta sa unahan at binasa
ang nabunot)*

TAGISAN

*(Ang pangatlong nagboluntaryo
ay pumunta sa unahan at binasa
ang nabunot)*

PAGHEHELE

(Ang pang-apat na nagboluntaryo ay pumunta sa unahan at binasa ang nabunot)

PANGANIB

(Ang huling nagboluntaryo ay pumunta rin sa unahan at binasa ang nabunot)

NAKATINGALA

Mahusay!
Ngayon, maaari, na kayong umupo.

Ang bawat salita na inyong nabunot ay may kaugnayan sa mga kards na nasa pisara.

TALASALITAAN

Pagkamangha sa nakitang kagulat-gulat o katakatakang pangyayari

Tumutukoy sa tunggalian

pagpapatulog sa sanggol

anumang maaaring magdulot ng kapahamakan

Nakatingin sag awing Itas.

Maaari bang sagutan ng mga nagboluntaryo ang mga talasalitaan na nasa pisara.

Pagkamangha sa nakitang kagulat-gulat o katakatakang pangyayari

SINDAK

**Tumutukoy sa
tunggalian**

TAGISAN

pagpapatulog sa sanggol

PAGHEHELE

**Nakatingin sa gawing
Itaas.**

NAKATINGALA

**anumang maaaring
magdulot ng
kapahamakan**

PANGANIB

Mahusay!
Maaari na kayong umupo.

Ako’y inyong pinabilib dahil
nasagutan ninyo ng tama ang
ating talasalitaan.

May nakahanda akong mga
tanong na inyong sasagutin
pagkatapos niyong basahin ang
alamat. Malinaw ba mga bata?

Eto ang mga tanong,
1. Kung babasahin ba ang
alamat sa paraang patula
makukuha ba niyo agad ang ibig
ipahiwatig nito?

2. Kung gagawing sanaysay ang
alamat mas madali kaya itong
basahin at unawain?

3. Kung kayo ang tatanungin
ano ang mas magandang paraan
ng pagbabasa upang lalo itong
maintindihan, pagbasa ng
malakas o pagbasa ng tahimik?

Opo! Ginoo.

4. Kung papahintulutan kayo na baguhin ang kwento ano ang nais niyong maging katapusan nito?

Ngayon naman bibigyan ko kayo ng limang minuto para basahin ang alamat na ibibigay ko sa inyo.

(Makalipas ang limang minuto)

Ngayon naman ay sagutin niyo ang mga tanong na nasa pisara. Sino ang unang sasagot sa unang tanong?

Kung ako po ang tatanungin ay hindi ko po maiintindihan ang isang alamat kung ito ay sa paraang patula sapagkat lalo lamang lalalim ang mga salita nito.

Magaling!
Dahil diyan ito ang iyong premyo. Sunod?

Sapalagay ko po, kasi sa sanaysay inihahayag po nito kung paano ang kwento ay umikot sa isang paksa.

Tumpak!
Dahil diyan ito ang iyong premyo. Sunod?

Para po sa akin ay pagbasa ng tahimik, dahil kung taimtim po ang pagbabasa ay mas madaling maunawaan ang isang kwento.

Mahusay!
Dahil diyan ito ang iyong premyo. Sunod?

Kung pahihintulutan po akong baguhin o gumawa ng katapusan ay aking tatapusin sa isang napakagandang senaryo kung saaan bawat wika o salita ay magkakatulad upang lubos na magkaunawaan at hindi na kailangan pang gumamit ng tagapagsalin.

Napakahusay!
Dahil diyan ito ang iyong premyo.

3. Analisis.

Mga bata ano ang masasabi niyo sa alamat ?

Na noong una napakahirap

makipag komunikasyon sa iba
dahil hindi natin alam kung
papaano.

Napakainam ng iyong sagot!
Dahil diyan heto ang iyong
premyo,

Ano ang pinaka mahalagang
pangyayari ang narinig niyo sa
alamat na aking binasa?

Noon ginagaya nila ang mga tunog
ng iba't ibang hayop nang sa
gayon ay mabalaan nila ang iba at
malaman kung anong klaseng
hayop iyon.

Tumpak! Tama ang iyong
kasagutan,
Dahil diyan heto ang iyong
premyo.

Noong hindi pa nila alam kung
paano babalaan ang iba ano ang
ginawa ng lalake para balaan
ang babae?

Gumamit ang lalake ng mga
senyas upang balaan ito at sa
pamamagitan ng pagturo sa
lokasyon ng hayop.

Mahusay! Totoong ikaw ay
nakinig.
Dahil diyan heto ang iyong
premyo.

Batay sa kwento, sa masigasig
na paghahanap ng paraan upang
maipaunawa ang kanilang
nadarama at naiisip ano ang
ginawa nila?

Sa pamamagitan ng kaniyang tinig
ay tinularan nila ang huni ng
kwago, ungol ng unggoy, ang
dagundong ng kulog, at ang
lagaslas ng tubig sa batis.

Napakahusay ng iyong
kasagutan!

Kanina, may talasalitaan akong
pinasagutan sa inyo at iyon ay
mga salitang paulit-ulit na
ginamit sa kwento. Ano ang
napansin niyo sa mga salitang
iyon?

Ginoo, ito po ay mga lantay na
salita.

Tumpak!
Dahil diyan heto ang iyong
premyo.

At narito ang ilang halimbawa ng Lantay na pangungusap.

(Ipinaskil ng guro ang graphic organizer)



Base sa *graphic organizer* na nakadikit sa unahan paano niyo mabibigyang kahulugan ang Lantay?

Tama!
Dahil diyan heto ang iyong premyo.

Sinabi niyo na ang lantay ay isa sa kaantasan ng pang-uri, ano naman ang pang-uri?

Magaling!
Dahil diyan heto ang iyong premyo.

Maaari ba kayong magbigay ng mga halimbawa ng lantay na pangungusap?

Napakahusay!
Dahil diyan heto ang iyong premyo.

Sino pa?

Napakainam ng iyong kasagutan!
Dahil diyan heto ang iyong premyo.

Sino pa?

Tumpak!

Ginoo, ang lantay ay kaantasan ng pang-uri kapag payak lamang ang inilalarawan

Ginoo, ang pang-uri ay bahagi ng pananalita na naglalarawan o nagbibigay-turing sa pangngalan o panghalip.

Magandang hiyas ang perlas.

Talagang payapang manirahan sa lalawigan.

Sariwa ang bulaklak na ito.

Talagang naiintindihan niyo ang ating tinalakay ngayong araw.

May katanungan ba kayo?

Wala na po Ginoo.

4. Abstraksyon

Kung totoo nga kayong nakinig sa ating talakayan ano ang paksa natin ngayong araw?

Ang alamat ng pinagmulan ng salita ng tao.

Mahusay!
Dahil diyan heto ang iyong premyo.

Bakit mahalaga ang paggamit ng mga pang-uri sa pagsasalaysay?

Dahil sa pang-uri nailalahad ng maayos ang mga bagay-bagay at nabibigyan nito ng kulay ang isang kwento sa pamamagitan ng paglalarawan sa mga ito.

Napakainam ng iyong kasagutan!
Dahil diyan heto ang iyong premyo.

Bilang mag-aaral narasan niyo na bang gayahin ang mga tunog ng iba't ibang uri ng hayop?

Opo! Ginoo.
Ginagawa po namin yun kapag kami'y naglalaro ng aking mga kaibigan.

Magaling!
Dahil diyan heto ang iyong premyo.

May mga pagkakataon ba na naranasan niyong gumamit ng iba't ibang senyas bilang paraan ng pakikipagkomunikasyon sa iba na hindi nagsasalita?

Opo! Ginoo.
Ginagawa po namin ito kapag malayo ang kausap namin, o kaya kung kailangan tahimik lang, lalo't kapag magkakasama kaming magkakaibigan sapagkat aming naiintindihan kung anong ibig sabihin ng mga senyas na yun.

Napakahusay ng iyong kasagutan!
Dahil diyan heto ang iyong premyo.

Bilang mag-aaral papaano niyo
gagamitin ang pang-uri bilang
naglalarawan sa inyong buhay?

Ginoo, bilang isang mag-aaral,
magagamit ko po ito sa aking
buhay sa tuwing nais kong purihin
ang isang tao o ang isang bagay, at
dahil doon nabibigyan ko ng
magandang katangian ang bawat
tao at bagay.

Napakainam ng iyong
kasagutan!
Dahil diyan heto ang iyong
premyo.

Sa papaanong paraan niyo
maipapakita ang kahalagahan ng
wika sa inyong pang-araw-araw
na buhay?

Ginoo, sa pamamagitan ng
wastong gamit ng ating wika at
hindi npagsagot sa mga
nakakatanda gamit ang mga
salitang hindi kaayaaya tulad ng
pagmumura.

Napakagaling!
Dahil diyan heto ang iyong
premyo.

Bilang mag-aral ano ang
kahalagahan ang natutunan mo
sa ating talakayan?

Na kailangan po nating malaman
at pahalagahan ang pinagmulan ng
ating wika at kung papaano an
gating mga ninuno ay ginamit ito
upang silayb makapamuhay ng
maayos.

Magaling!
Dahin diyan heto ang iyong
premyo.

Para sa iniwan ni Dr. Jose Rizal
“Ang hindi magmahal sa
sariling wika ay daig pa ang
malansang isda” ano sa palagay
niyo ang koneksyon nito sa
aking binasang alamat?

Ang koneksyon nito ay kung
anong wika ang ginagamit o
sagisag nating Pilipino ay dapat
nating pagka ingatan at
pagyamanin at lalo’t higit ay
mahalin ito. Dahil an gating wika
ay sagisag nating Pilipino.

Napakahusay! Matutuwa ang
ating bayani sa iyong sinabi.

Dahil diyan heto ang iyong premyo.

5. **Aplikasyon**

Ngayon naman dumako na tayo sa ating huling gawain, hahatiin ko kayo sa tatlong grupo, sa aking kaliwa ay ang unang grupo at sa aking kanan ay ang pangalawang grupo at ang nasa harapan ko ang pangatlong grupo. Malinaw ba mga bata?

Opo! Ginoo.

Ang kailangang gawin ng unang grupo ay pumili ng isang senaryo galing sa ating alamat habang sinasalita nila ang bawat linya sa paraang patula. Ang pangalawang grupo naman ay kailangang gumawa ng isang tula batay sa alamat na ating tinalakay gamit ang mga pang-uri habang nilalapatan ng mga iba’t ibang galaw at ang huling grupo ay kailangan gumuhit ng larawan na nagsasaad ng pagmamahal sa wika habang ipapaliwanag nila ito sa paraang pakanta. Naiintindihan ba mga bata?

Opo! Ginoo.

Bibigyan ko kayo ng limang minuto para pag-usapan at gawin ang binigay ko sa inyo at limang minuto para ipresenta sa unahan ang inyong ginawa. Heto ang pamantayan sa paggagrado ng inyong gagawin.

<i>Kraytirya</i>	<i>Porsyento</i>
<i>Pagkamalikhain</i> (Nabibigyang buhay ang paksa)	25%
<i>Orihinalidad</i> (Gumamit ng sariling disenyo)	25%
<i>Kaugnayan</i> (May kaugnayan sa paksa)	30%
<i>Kooperasyon</i> (Pakikiisa ng grupo)	20%
<i>Kabuuan</i>	100%

Handa na ba kayo?

Ginoo, handa na kami!

Kung gayon, maari na kayong magsimula.

(Makalipas ang limang minuto)

Tapos na ang oras, unang grupo maari bang pumunta kayong unahan at ipresenta ang inyong ginawa?

(Ang unang grupo ay nagpresenta)



Napakahusay!
Mga bata bigyan natin sila ng
“YAHOO CLAP”

1,2,3..1,2,3.. YAHOO!

Pangalawang grupo maari niyo nang simulan.

(Ang pangalawang grupo ay nagpresenta ng tula)



Napakagaling!
Mga bata bigyan natin sila ng
“PAK GANERN CLAP”

1,2,3..1,2,3.. PAK GANERN!

Pangatlong grupo ang unahan ay ibinibigay ko sa inyo.

(Ipinakita ang kanilang gawa)



Kagila-gilalas ang inyong
ipinakita!
Mga bata bigyan natin sila ng
“BOOMPANES CLAP”

1,2,3..1,2,3.. BOOM PANES!

Ngayon ay sasabihin ko na kung
sino ang nanalo ngayon sa ating
aktibidad. Nakakuha sila ng
grado na 92% at sila ay ang
pangatlong grupo palakpakan
natin sila ng “TAGUMPAY
CLAP”

1,2,3...1,2,3,... Ahoooo!!! Yes!
Tagumpay!

Akoy inyong pinabilib sa
inyong ginawa nawa ay may
natutunan kayo sa ating
tinalakay ngayon.

IV. Ebalwasyon

Panuto: Basahing mabuti ang katanungan. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Ang pinagmulan ng salita ng tao ay isang ano?
 - a. Sanaysay
 - b. Maikling Kwento
 - c. Alamat
 - d. Tula
2. Anong uri ng nilalang ang ginaya ng mga sinaunang tao?
 - a. Uod
 - b. Halaman
 - c. Tao
 - d. Hayop
3. Bahagi ng pananalita na naglalarawan
 - a. Pang-uri
 - b. Pang-abay
 - c. Panghalip
 - d. Pangngalan
4. Kaantasan ng pan-uri na payak lamang ang inilalarawan.
 - a. Lantay
 - b. Pahambing
 - c. Pasukdol
 - d. Pang-uri
5. Saan unang nakatira ang mga sinaunang tao?
 - a. Bahay na bato
 - b. Sa kawayan
 - c. Sa kweba
 - d. Sa kubo

Sagot:

1. C
2. D
3. A

4. A

5. C

V. Takdang Aralin.

Magsaliksik tungkol kay Impeng Negro, at gumawa ng isang sanaysay ukol dito. Ilagay ito sa malinis na papel. Ipapasa bukas.

Tudla 7 pg. 44-55
Jasmin O. Gonzales, et.al

College of Sciences, Technology and Communication Inc.

COLLEGE OF EDUCATION

AY. 2016- 2017

EDUC 116- PRINCIPLES OF TEACHING 1

MASUSING BANGHAY ARALIN SA

FILIPINO

NG IKA- PITO NA BAITANG

Literatura: Alamat (Ang Pinagmulan ng Salita ng Tao)

Gramatika: Kaantasan ng Pang-uri (Lantay)

Isinulit nina:

Alfonso, Mariel A.
Bacares, Diana Marie L.
Umila, Randy S.
Valencia, Roberiela
GROUP-1
BSEd2- Filipino Major

Isinulit kay:

G. Reinnard Christian G. Merano
Propesor

Marso 6, 2017
(Ikalawang Semestre)